ANG TANGING LUNAS

Sinabi ng Panginoong Jesu-Cristo, "Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, ng isang buhay na masagana at ganap" (Juan 10:10 RTPV). Ang Buhay na inaalok sa iyo ng Panginoong Jesu-Cristo ay isang bagong buhay na nag-uumapaw sa kapayapaan, walang humpay na kagalakan, at kapatawaran para sa iyong mga kasalanan. Ito ang Buhay na nagsisimula sa malaking titik na "B".

Sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6 RTPV). Ipinangako niya, "hinding-hindi ko itataboy kailanman ang sinumang lumalapit sa akin" (Juan 6:37 RTPV). At ipinangako din Niya, "Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan" (1 Juan 1:9 RTPV).

Iisa lamang ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang paraan para ikaw ay maligtas ay ang magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan, magtiwala kay Cristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, at ipahayag Siya sa buong mundo. "Kung ipahahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka" (Roma 10:9 RTPV).

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o para sa dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL
POST OFFICE



Paglalaro Ng Apoy

Isa sa mga dahilan kung bakit nagdodroga ang mga tao ay dahil sa "tama" na nakukuha nila dito. Ang mga drogang katulad ng shabu, ecstasy, speed, at iba pa ay parte na ng kultura ng club o disco — sa kung paanong paraan na ang mga makukulay na ilaw at maiingay na tugtugin ay parte na ng lugar na ito. Ang mga drogang nakakaapekto ng kaisipan ay kayang magdulot ng grabeng kaligayahan—ngunit panandalian lamang at kalauna'y nauuwi sa masaklap na karanasan. Nakapagdudulot ito ng mababaw na uri ng kaligayahan. Nakakalungkot isipin na ang mga nagpupunta sa disco sa henerasyon ngayon ay nanganganib sa mga posibilidad na kamatayan, paranoia o mga problema sa kaisipan (sikolohikal na mga problema) dahil lang sa mga makasarili nilang pagnanasa ng kasiyahan.

Marahil ay nakapagdroga ka na at nasiyahan ka sa "tama" nito. Maaari din namang patuloy ka pa ring gumagamit ng droga at naghahanap ng walang katapusang kaaliwan sa mga disco o club. Babala— ANG KAALIWAN NA DULOT NG KASALANAN AY PANANDALIAN LAMANG. Ang inaakala mong walang katapusang kasiyahan ay isang ilusyon o kathang-isip lamang. Kapag wala na ang mga ilaw, natapos na ang "trip," at wala na ang nakakakilig na kaaliwan, maiiwan ka pa ring naghahangad ng kasiyahan. Maglalaho ang mga ilaw ng iyong buhay, matatapos ang nararamdaman mong "trip" sa mundong ibabaw, kukupas ang kaaliwan na dulot ng kasalanan, habang naipagbili mo na pala ang iyong kaluluwa, para lang malasap ang panandaliang aliw na dulot ng kasalanan. Ito ang layunin ng demonyo, ang malulong ka sa mga masasamang uri ng kaaliwan, upang hindi mo maisip ang tungkol sa kamatayan o buhay na walang hanggan. Ang totoo, lahat tayo ay mamamatay. Ang pinakamahalagang tanong ay—pagkatapos ay ano? Sabihin mo sa akin, SAAN PUPUNTA ANG IYONG KALULUWA SA KABILANG BUHAY?

ANG RESULTA

"Huwag ninyong akalaing madadaya ninyo ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin" (Galacia 6:7 RTPV). Ang isang magsasaka na nagtanim ng palay sa kanyang lupain ay hindi aani ng patatas dito sa kanyang pagbabalik sa panahon ng anihan. Hindi! Kung palay ang iyong itinanim, palay din ang iyong aanihin. Ito ang hindi nagbabagong aral sa pag-aani — kung ano ang iyong itinanim, siya rin ang iyong aanihin. Nais ka lang linlangin ng demonyo at papaniwalain na hindi ka parurusahan ng Diyos sa iyong mga kasalanan. Kaya nga pinaaalalahanan tayo ng Salita ng Diyos, "Huwag kang palilinlang."

ANG LUMALAKAD NA PATAY

"Puno ng nana at pigsa ang balat; walang tigil na pananakit ng buong katawan; pumuputok ang mga ugat; nagkakaroon ng di-mapigil na pagkislot ng laman at paggalaw ng iba't ibang bahagi ng katawan. Ginugulo ng mga kathang-isip at di maipaliwanag na takot ang isipan na kung minsan ay nagdudulot din ng halos pagkabaliw. Madalas ding humahantong sa kamatayan — kahit sa masyado pang bata ang edad… Ito ang pinsalang dulot ng pagkalulong sa droga, ito ang sumpa sa mga taong naglalakad ngunit patay nang matatawag!" (Hango sa Supreme Court ng America).

Anak, kailangan mong tumigil sandali at pag-isipang mabuti ang sinasabi ng Diyos. Maaaring nagpasya ka na sa iyong sarili na mamuhay nang walang direksyon, sinisira ang iyong katawan at kaluluwa sa alak at mga droga, ngunit isang babala — MAYROONG MATINDING PAG-AANI. "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan" (Roma 6:23 RTPV). Ang tinutukoy dito ng Biblia ay ang espirituwal na kamatayan—ang mahiwalay sa Diyos sa habang panahon at mapunta sa Impiyerno.

Para sa maraming tao ang Impiyerno ay isang salita lamang na ginagamit sa pagmumura, o di kaya ay isang biro, o gawa-gawa lamang ng imahinasyon. Pero itinuturo ng Salita ng Diyos na ang impiyerno ay —isang lugar ng kapighatian, pagtatangis, pagdurusa, kadiliman, walang katapusang apoy, at walang hanggang kaparusahan. Marahil ay gumagastos ka ng maliit na halaga para sa kasiyahang dulot ng kasalanan, pero baka ang susunod mong "trip" ay humantong sa iyong kaparusahan sa Impiyerno sa habang panahon.